



# General Conference Legislative Recap

## TAGALOG ADAPTED VERSION

(Created by Rev. Jerry Gabriel, Manila Episcopal Area)

### PAGPAPASIYA HINGGIL SA PETISYON NG WORLDWIDE REGIONALIZATION

- Pinagpasyahan ng mga delegado ang petisyon na magbibigay daan sa pag-reikstruktura upang maging mas kontekstwal sa mga iba't ibang rehiyon na pinaglilingkuran ng iglesya. Ayon kay Bishop Tracy S. Malone, ang pangulo ng Council of Bishops, kanyang isinaysay:
  - *“Regionalization would enable the church to be contextual in ministry while remaining connected around the mission of the church and the essentials of the faith.”* (Ang Regionalization ay maghahatid sa ating simbahan na maging kontekstwal sa paglilingkod habang pinananatiling nakasugpong sa misyon ng simbahan at mga esensya ng pananampalataya). *It would enable the church “to honor who we are as a worldwide denomination.”* Maghahatid ito sa ating simbahan na “igalang kung sino tayo bilang isang pandaigdigang denominasyon.”
- Kinakatawan ng Regionalization ang isang pagkilos na ihatid ang ating simbahan sa magkakaibang rehiyong heyograpikal sa magkapantay na kalagayan at maiwasan na nakasentro sa Estados Unidos ang General Conference. Ang mga kasalukuyang Central Conferences at ang Estados Unidos ay magiging regional conferences, na may magkahaluntulad na karapatan na magpasa ng mga lehislyong magdudulot ng mas malaking epekto sa pagmimisyon ng simbahan.
- Pinagtibay din ang pagpapatuloy sa paglikha ng “General Book of Discipline” na dadalhin sa susunod na regular session ng General Conference.
  - (May feedback study na isasagawa ang mga Annual Conferences upang alamin kung alin ang dapat na maging bahagi sa Adaptability at Non-Adaptability provisions ng General Book of Discipline).
- Ang regionalization ay isang pag-amyenda sa konstitusyon na nangangailangan ng ratipikasyon sa pamamagitan ng 2/3 aggregate votes ng mga delegado sa Annual Conferences sa buong mundo upang maging ganap itong isang pinagtibay na amyenda. Kung maabot ang sapat na bilang ng boto, ang resulta nito ay ihahayag ng UMC Council of Bishops. Ang regionalization constitutional amendment ay ipapadala 30 araw matapos ang General Conference, na nangangahulugan na ang ibang annual conferences ay maaring makapagpasya na sa taong ito.

- Pinagtibay ang Regionalization and Contextualization ng Marriage na nagpapahintulot sa mga Central Conferences na mag-angkop sa kanilang konteksto ng mga panuntunan at pamamaraan sa pagkakasal. (New Paragraph: 543.15)
- Pinagtibay ang Regionalization at Contextualization ng Ordination and Licensing sa mga Central Conferences na mag-angkop sa kanilang konteksto. (543.16)
- Pagbibigay linaw sa Adaptability ng Theological Texts ng mga Central Conferences:
  - Pag-amyenda sa ¶543.7: Ang Central Conference ay may kapangyarihan na magkaroon ng pagbabago at adaptation sa Book of Discipline kung kinakailangan, lalo na ang may kinalaman sa organization at administration ng gawain sa iglesya local, distrito, at annual conference, sa pasubali na ang mga pagbabago ay hindi sumasalungat sa Constitution, General Rules ng United Methodist Church, Doctrinal Standards and Theological Tasks, at mga pinagtibay na theological statements gaya ng mga sumusunod: *By Water and the Spirit, This Holy Mystery, at Sent in Love.*

## **PAGTATANGGAL NG MGA HINIHIPITANG LENGUAHE HINGGIL SA LGBTQ PEOPLE**

Pinagtibay na alisin ang mga sumusunod na “discriminatory language” sa UMC Book of Discipline:

1. Pagtatanggal sa linguahe na ang “practice of homosexuality” ... is incompatible with Christian teaching. “
2. Pagtatanggal sa pagbabawal na ordinahan at bigyan ng appointment ang mga “self-avowed practicing homosexual” clergy.
3. Pagtatanggal sa linguahe na ang pag-oordina sa “self-avowed practicing homosexual” clergy at ang pagkakasal ng magkaparehong kasarian sa listahan ng mga chargeable offenses.
4. Pagtatanggal ng mandatory minimum penalties para sa mga pastor na nagkasal sa magkaparehong kasarian.
5. Pagtatanggal sa pagbabawal na gamitin ang pondo ng UMC upang suportahan ang mga grupo at gawain o kilusan na nagpo-promote ng pagtanggap sa homosexuality.

(Ang mga pagbabagong ito sa ating Book of Discipline ay nagbabalik lamang sa “neutral” na kalagayan na kung saan ang isang grupo ay iniwasan na maging tampulan ng diskriminasyon. Inilalagay nito sa isang nakatigil na espasyo ang iba’t ibang opinion o kuro-kuro sa loob ng the United Methodist Church sa pamamagitan ng pag-iwas sa malawak na pagmamandato)

## **MGA PANGUNAHING AKSYON PAGTANGKILIK SA REVISED SOCIAL PRINCIPLES**

Ang Social Principles, na nakapaloob sa Book of Discipline at Book of Resolutions, ay mga pangungusap na sinasalamín ang opisyal na katuruang United Methodist sa iba't ibang mga isyu o usapin. Hindi ito batas ng simbahan ngunit ang layunin nito ay upang ipaalam ang pagsaksing United Methodist sa mga usapin sa kasalukuyang panahon kalakip ang pundasyong biblical. Ang General Conference noong 2012 ay sumangayon na rebisahin ang Social Principles, na nagpapahintulot sa isang proseso na isama ang mga United Methodist sa iba't ibang panig ng mundo, sa ilalim ng pamamahala ng General Board of Church and Society. Maliban sa pagbabago ng lenguahe hinggil sa human sexuality at inclusiveness, ang Social Principles ay tumutugon din sa kahalagahan ng pag-a-advokasiya sa pantaong dignidad at pagsugpo sa "racism" at iba pang mga banta, ang pangangalaga sa sangnilikha at sa kapaligiran, ang pagtindig sa mga sakit ng lipunan, at ang pagtataguyod sa malusog na pamayanan sa lahat ng anyo, kalakip ang pangkabuhayan, panlipunan, at politikal na kalagayan.

- Pinagtibay ang constitutional amendment na tumutugon sa komitment ng denominasyon na "puksain" ang rasismo (eradicating racism)
- Pinagtibay ang paghingi ng paumanhin sa mga naging biktima at survivors ng pang-aabusong sekswal ng mga pastor at mga laykong lider ng iglesya. Ang resolusyon ay nanghihikayat din na isuplong ang mga nagaganap na pang-aabusong sekswal na ang pang-aabuso sa kapangyarihan, kailanman ay hindi kukunsintihin ng simbahan.
- Pinagtibay ang depinisyon ng marriage:
- "Within the church, we affirm marriage as a sacred lifelong covenant that brings two people of faith, adult man and woman of consenting age, or two adult persons of consenting age into union with one another... "
- Pinagtibay ang pag-amyenda na isama ang "gender"(kasarian) at "ability"(kakayahan) bilang bahagi ng mga katangian na hindi sumasagka sa totooanang pakikilahok sa buhay ng kongregasyon.
- Pinagtibay ang paghingi ng paumanhin sa naging bahagi ng Methodists sa pagpapatalis sa kaharian ng Hawaii noong 1893.
- Pinagtibay ang pagpapahintulot sa mga ordinadong deacons na manguna sa pagsasagawa ng sakramento sa naaangkop na konteksto. Ang bagong lenguahe ay nagsasabi ng ganito: "Ang pangunguna sa selebrasyon ng sakramento ay kalakip ang pananagutang pangunahan ang pamayanang nagtitipon sa pagdiriwang ng bautismo at Banal na Komunyon."
- Pinagtibay ang "full communion agreement" sa Episcopal Church. Kung pagtitibayin ng Episcopal Church ang kasunduan, mangangahulugan ito na kikilalanin ng nagkasundong mga denominasyon bilang "isa, banal, pandaigdigang at apostolikong simbahan na kung saan ang Mabuting Balita ay matamang ipinapahayag at itinuturo."

- Pinagtibay ang mosyon na pahintulutan ang apat na Eurasian conferences na lisanin ang denominasyon upang bumuo ng isang autonomous church.
- Pinagtibay ang iba't ibang petition hinggil sa creation care, kalakip ang pagbuo ng mga "Green Teams" sa mga iglesya local, Distrito at mga kumperensya at makibahagi ang buong denominasyon sa net-zero pledges na ginagawa na ng mga United Methodist Boards and Agencies.

## **PAGTATANGGAL SA PARAGRAPH 2553 SA BOOK OF DISCIPLINE**

Pinagtibay ang pagtatanggal sa Paragraph 2553 sa Book of Discipline, upang tapusin ang patakaran hinggil sa disaffiliation na idinagdag noong special 2019 General Conference. Binigyang pansin din ang mga annual conferences na naapektuhan ng disaffiliation na magsagawa ng mga polisiyang puno ng biyaya para sa mga nagnanais na mag-re-affiliate o nagnanais na muling sumapi sa UMC.

## **PAGIGING BAHAGI NG PHILIPPINES CENTRAL CONFERENCE ANG MISSION MINISTRIES SA UNITED ARAB EMIRATES AT QATAR**

Pinagtibay ang pagiging bahagi ng Mission Ministries sa United Arab Emirates at Qatar.

## **IBA PANG MGA AKSYON**

- Pinagtibay na magkaroon ng paghahalal sa District Associate Lay Leader na nasa UMYAF age.
- Pinagtibay na magkaroon ng Conference Care Taker of God's creation.
- Pinagtibay ang mosyon sa pagtitiyak na mayroong Commission on Equitable Compensation ang Kumperensya Anwal.
- Pinagtibay na idagdag sa talaan ng chargeable offense ang "domestic violence."
- Pinagtibay na bigyang laan ng mga iglesya local ang pagkakaroon ng ligtas na espasyo upang mapangalagaan ang mga historical records ng simbahan.
- Pinagtibay na i-modify ang pagtatanggal ng kaanib, na bigyan ng pastor ng relevant evidence ang pagtatanggal sa kaanib (diligent inquiry).
- Samu't saring pinagtibay na aksyon para sa conference relationship statuses, licensing, readmission ng Clergy sa ilalim ng District Committee on Ordained Ministry at Board of Ordained Ministry ng mga Annual Conferences. (See specifics)
- Pinagtibay ang ilang revision at amyenda hinggil sa proseso ng Administrative Review Process at Judicial Process. (See specifics.)

## **MGA ILANG BAGAY NA DAPAT BIGYANG PANSIN**

- Pag-aaral sa General Book of Discipline batay sa questionnaire na ibinaba ng Standing Committee on Central Conference Matters, upang bigyang pansin ang mga adaptability at non-adaptability provisions ng Book of Discipline.
- Pag-sasagawa ng mga adaptations upang ilagay sa konteksto ang ilang mga lehislasyon, gaya ng marriage at human sexuality, upang pagtibayin sa Central Conference at maaring i-delegate sa Annual Conferences.
- Pag-raratipika ng Worldwide Regionalization.
- Patuloy na pag-aaral at pagsusuri hinggil sa Best Expression of United Methodist Church in the Philippines.